## Kuwento 10: Jonas

**Talata sa Bibliya [Jonas 4:11]**

**Ako pa kaya ang hindi malulungkot sa kalagayan ng Nineve? Ito'y isang malaking lunsod na tinitirhan ng mahigit na 120,000 taong hindi alam kung ano ang mabuti o ang masama, bukod pa sa maraming kawan!"**

Isang mahabang panahon ang nakalipas sa Israel at may isang lalaking nagngangalang Jonas.
Siya ay isang mamamahayag ng salita ng Diyos. Isang araw, ang Diyos ay nagpunta kay Jonas at nakipag-usap sa kanya.
"Jonas, pumunta ka sa dakilang lungsod ng Nineveh at mangaral ka laban sa kasamaan nito na aking nalaman."
Ang Nineveh ay isang dakilang lungsod.
Ito ay malakas na lungsod na puno ng mayayamang tao, ngunit ang mga tao dito sa Nineveh ay hindi nagmamahal ng kanilang kapwa. Gusto nilang namumuhay lamang para sa kanilang sarili. Kaya naman ayaw ni Jonas na sundin ang utos ng Diyos.
Hindi pinansin ni Jonas ang utos ng Diyos at sumukay ito ng bangka patungong tarnish sa halip na sa Nineveh.
Ang kaniyang paglalakabay ay naging payapa nang biglang may malakas na bagyong dumating!
Nagpasya ang mga tao sa bangka na magpalabunutan para malaman kung sino ang may pananagutan sa kalamidad.
Sila'y nagpalabunutan at ang palabunutan ay nahulog kay Jonas.
Inihagis ng mga tao si Jonas mula sa bangka sa dagat upang pakalmahin ang bagyo.
Nakapagtataka, sa sandaling ginawa nila ito ay huminahon ang hangin at ang dagat.
Biglang may malaking isda ang dumating at nilamon nito si Jonas. Ang isda ay pinadala ng Diyos.
Si Jonas ay namalagi ng tatlong gabi at tatlong araw sa loob ng isda.
Dininig ng Diyos ang panalangin ni Jonas. Sa pangatlong araw, ay iniluwa ng isda si Jonas sa isang lupain.
Sa wakas, si Jonas ay nakalaya na sa loob ng isda.



Gaya ng pinag utos ng Panginoon, si Jonas ay napunta sa Nineveh at ipinahayag ang salita ng Diyos.
Si Jonas ay naglakad sa lungsod buong araw upang ipahayag ang salita ng Diyos.
Narinig ng mga tao si Jonas at natakot ito sa kanya.
Kaya naman, ang mga tao ay nag ayuno at nanalangin sa Panginoon ng taimtim.
Nakita ng Diyos na sila ay tapat at nagpasya na patawarin sila.
At sa gayon, ang mga tao ng Nineveh at ang lungsod ng Nineveh ay hindi napabagsak.





**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Saang siyudad ipinadala si Jonas? Ngunit saang siyudad ang gustong puntahan ni Jonas?

---------------------------------------------------------------

b. Ano ang nangyari kay Jonas noong siya ay nahulog sa dagat?


---------------------------------------------------------------

c. Anong ginawa ng mga tao sa Nineveh matapos nilang makinig kay Jonas?

---------------------------------------------------------------

- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Jonas 4:11)**

**Ako pa kaya ang hindi malulungkot sa kalagayan ng Nineve?**
**..... hindi nila alam kung ano ang mabuti o ang masama,**



**Gawain 2.** Gupitin sa may tuldok na palinya at ilagay dito si Jonas upang mabuo ang larawan.

Kagamitan: Gunting, plated fastener, sinulid, masking tape.



finished image

www.kidsworship.kr

Ministerio de Publicación Cristiano

Pangalan :